

LESSON 1. WHY STUDY THE BIBLE? (BAKIT KAILANGANG PAG-AARALAN ANG BIBLIA?)

ARALIN

- I. Maraming mga Kristiyano ngayon ang hindi sapat ang pagka-unawa sa Kasulatan.
 - a. Ang Biblia ay mas maraming nabentang kopya kaysa sa ibang mga libro.
 - b. Maraming tao ang masigasig sa relihiyon ngunit kulang sa kaalaman patungkol sa Biblia.
- II. Dalawang dahilan ang ibinigay.
 - a. Ang Biblia ay hindi na angkop sa ating panahon.
 - b. Ang Biblia ay masyadong mahirap maunawaan at boring.
 - c. Si Luther ay gumawa ng paraan upang ang Biblia ay maaaring magamit ng pangkaraniwang tao.
- III. Principle of perspicuity o Principle of clarity - ang pangunahing mensahe ng Biblia ay malinaw.
 - a. Naniniwala si Luther na ang mensahe ng katubusan ay maaaring maunawaan kahit ng bata.
 - b. Ang principle na ito ang siyang naging sentro ng Reformation para kay Luther.
- IV. Ating tungkulin (duty) ang pag-aralan ang Biblia.
 - a. Iniutos ito ng Diyos sa Kanyang bayan sa Deuteronomio 6:4-9.
 - b. Iniatas ng Diyos ang masusi at maingat na pag-aaral.
- V. Ating pribilehiyo (privilege) na mag-aral ng Biblia.
 - a. Makakakita tayo ng masaganang karunungan.
 - b. Matututunan natin ito upang isapamuhay.

SALIKSIKIN ANG IYONG SARILI

Kung nais mong masiguro na iyong naiintindihan ang mga pinaka-ideya ng araling ito, subukin ang sarili sa pamamagitan ng pagsagot sa pagsusulit.

1. Tatlong dahilan na ibinigay para sa kawalan ng kaalaman patungkol sa Biblia ay _____, _____, at _____.
2. Naniwala si Luther na kahit bata ay naiintindihan ang mensahe ng katubusan na nakasulat sa Biblia. Ang itinuturo niyang ito ay ang _____ ng Kasulatan.
3. Ang _____ ay nagbibigay ng basehan para pag-aralan ang Biblia mula sa mga tekstong katulad ng Deuteronomio 6:6-9 at 2 Timoteo 3:14-17.
4. Para sa mga Kristiyano, ang pag-aaral ng Biblia ay parehong _____ at _____.



Pag isipan saglit. Ano ang mangyayari sa iyong sariling buhay kung ikaw ay kikilos ayon sa iyong nararamdamang gusting gawin kaysa sa iyong nalalaman at nauunawaan na sinabi ng Diyos na kailangan mong gawin? Dito nakatagpo natin ang malupit na realidad ng pagkakaiba ng kasiyahan at kagalakan. Napakadali nating malito sa dalawa! Ang paghabol sa kasiyahan ay itinuturing na ating “Karapatan” ng bawat isa. Ngunit ang kasiyahan at kagalakan ay hindi magkaparehong bagay. Pareho silang masarap sa pakiramdam, ngunit isa lamang ang nananatili. Ang kasalanan ay nakapagbibigay ng kasiyahan (pleasure), ngunit hindi ng kagalakan (happiness). Kung ang kasalanan ay hindi nakapagbibigay ng kasiyahan, wala itong kapangyarihan na manukso. Bagaman, ang kasalanan ay “masarap sa pakiramdam,” hindi ito nakapagbibigay ng kaligayahan. Kung hindi natin alam ang pagkaka-iba, o kaya naman walang pakialam sa kaibahan ng dalawa, makagagawa tayo ng malalaking hakbang tungo sa pagiging makamundong Kristiyano.

2. Basain ang Awit 19 kung saan si David ay nagdiriwang sa pagpapahayag ng Diyos patungkol sa Kaniya sa pamamagitan ng Kalikasan (vv. 1-6) at sa Biblia (vv. 7-14). Ang salitang “kautusan” (Torah) sa talatang 7 ay tumutukoy hindi lamang sa legal na bahagi ng Lumang Tipan kundi sa buong kapahayagan ng Diyos sa Kasulatan na ibinigay sa panahon ni David. Ayon kay David, ano ang malalaman natin sa Diyos sa pamamagitan ng kalikasan? Ano ang mga kaalaman na ibinahagi sa Biblia? Ano ang mga tiyak na benepisyo na maibibigay sa taong sumusunod sa kautusan? Itala ang iyong sagot sa ibaba.

PAG-ISIPANG MABUTI

1. Kung wala kang regular na oras sa pagbabasa ng Biblia, maglaan ng dalawampung minuto mula sa iyong hectic na schedule upang magbasa ng bahagi ng Biblia bawat araw. Halimbawa, gusto mong magbasa sa aklat ng Mabuting Balita ayon Kay Juan sa pamamagitan ng pagbabasa ng tatlong kabanata (chapter) bawat araw (mayroon itong 21 na kabanata). Tanungin mo ang iyong sarili ng isang tanong sa bawat iyong pagbabasa; Ano ang sinasabi ng mga talatang ito sa mga isyu o pangyayari sa aking buhay ngayon? Itala ang iyong mga na-observehan sa ibaba, at sa katapusan ng lingo tanungin mo ang iyong sarili ng katanungang ito: Ano ang nagawang kakaiba ng aking pagbabasa?



2. Kunin ang isang lingo upang basahin ang Awit 119. Mayroon itong dalawampu't dalawang bahagi, bawat bahagi ay nakapaloob sa bawat alpabetong Hebreo. Magbasa ng dalawang bahagi bawat araw at tatlong bahagi sa huling araw. Ilista ang mga sumusunod:
 - a. Ang nararamdaman ng sumulat ng awit sa Kasulatan.
 - b. Ano ang natutunan mo patungkol sa Diyos?
 - c. Benepisyong pag-aaral ng Kasulatan.

SAGOT SA PAGSALIKSIK NG SARILI

1. Hindi nauugnay sa panahon, mahirap maunawaan, nakakawalang-gana o boring
2. Kalinawan o clarity
3. Biblia mismo
4. Tungkulin, pribilehiyo

